# PORTAL

Cris R. Lanzaderas

ITO NA ANG HULING BESES na makikita ng Liga ng mga Kaluluwang Ligaw ng pantyon ang kaguluhang dulot ng Undas. Nakapaskil na sa portal papasok ng pampublikong sementeryo ang isang tarp na may malaking picture ng mayor at vice mayor ng bayan; sa gilid nito ay nakasulat sa malalaking titik "Property of the Local Government", sa ibaba ay mga vandal ng ari ng lalaki. May mga marka na rin ng titik "X" ang iba't ibang bahagi ng portal na sa palagay ng mga miyembro ng Liga ng mga Kaluluwang Ligaw ay unang titibagin. Sa tabi ng tarp ay isang malaking improvised na banner na gawa sa sako ng bigas. May nakasulat na "Preserve our Heritage" at "Iligtas ang Kasaysayan, Iligtas ang Portal!"

Ang tinutukoy na portal ay ang entradang gawa sa adobe na nagsisilbing pasukan at labasan ng sinumang dadalaw sa sementeryo. May mga disensyo itong bulaklak at sa tuktok ay ang selyo ng parokya. Bahagi kasi ang portal ng pang-

Katolikong sementeryong itinayo noong panahon pa ng mga Kastila bagaman bukas na ito sa lahat ng pananampalataya. Ngunit kahit adobe na isang matibay na bato, naging biktima na ang portal ng pagdaan ng panahon. Madali nang madurog ang mga bloke dahil sa tinubuan na ng maraming ligaw na damo. Ni hindi rin ito nabigyan ng atensyon ng munisipyo dahil abala ito sa pagpapataas ng mga kalsada sa paligid ng sementeryo. Noong nakaraan nga ay bumagsak na ang isang bahagi ng pundasyon nito. Kaya nagpasya nang gibain at magtayo na lamang ng bagong portal ang lokal na gobyerno.

Hindi na mabilang ang katawang inilibing, hinukay, at itinapon sa kamposantong ito. Naririto ang mga prominenteng tao ng bayan hanggang sa mga ordinaryong taong walang pambayad sa mahal na lupa sa mga pribadong libingan dahilan kaya nagpatong-patong na ang mga nitso sa lahat ng bahagi at maging ang daanan ng nabubuhay pang mga tao ay may mga inilibing na rin. Para bang may mga lapidang iniluwa ang lupa kaya nagharang na sa daan. Lumundo na at halos kainin na ng lupa ang ibabang bahagi ng apartment-type na libingan. Lumambot na ang lupa dahil sa araw-araw na pagpasok ng high tide sa sementeryong dati ay hindi naman naaabot ng tubig ng ilog.

Kaya naman, libu-libo ang mga kaluluwang gala sa sementeryo na nakikihalubilo sa libu- libo ring mga nagsisipagdalaw sa mga yumao nilang kamag-anak tuwing Undas. Kapiling rin sila ng dose-dosenang pamilyang ginawa nang tahanan ang mga musuleo, nitso, at libingang matagal nang walang dumadalaw. Para sa mga residente ng pantyon, kuwento-kuwento lang ang pagpapakita ng mga multo sa kanilang lugar. Wala dapat silang ikatakot sa espasyong nagbibigay sa

kanila ng tahanan. Ang dapat katakutan ay ang pamahalaang walang maibigay na pabahay sa kanila. Malinis ang kanilang konsensya. Walang bahid ng dugo ang kanilang mga kamay. At para naman sa mga kaluluwang ligaw na diumano'y nakikita ng mga tao, wala naman silang intensyong manakot. Ang mga "nananakot" lamang ay iyong tinaningan na ng Diyos (ng langit o ng impyerno) na tapos na ang pananatili nila sa lupa. Sinusulit ang mga huling sandali sa piling ng mga nabubuhay pa, na minamasama naman ng mga tao. Ngunit tanging mga patay na lamang ang nakauunawa sa katotohanang ito.

Itinayo ng mga kaluluwang ligaw ang Liga ng mga Kaluluwang Ligaw o LKL bilang unang organisasyon ng mga kaluluwang ligaw sa sementeryo. Naging mga kaluluwang ligaw sila dahil sa mga kasalanang hindi naihingi ng tawad nang sila ay namatay. At dahil hindi makatawid, naghahanap sila ng mapagkakaabalahan habang hinihintay ang petisyon na makatungo na sila sa purgatoryo para magkaroon sila ng mas malaking tsansa na makaakyat sa langit (sapagkat lahat sila ay umaasang makakaakyat sila sa langit). Naisip ng mga bumuo nito na kung organisado sila, mas lalong mapapabilis ang anumang mga petisyong dapat nilang asikasuhin. Nayamot na rin sila sa burukrasya ng kabilang buhay. Noong nabubuhay sila ay puro burukrasya na, pati ba ngayong kaluluwang ligaw na lamang sila? Pero nasa isandaang mahigit man ang mga miyembro ng liga, lima na lang sa mga ito ang aktibo. Nagsibalik na sa kani-kanilang mga bahay at nitso ang mga kaluluwang inip na inip na sa desisyon ng langit o ng impyerno o kung sinuman ang namamahala sa purgatoryo. Wala silang ibang mapupuntahan dahil tanging ang portal lamang ang magsasabi kung makatatawid sila o hindi.

Kanya-kanya ng puwesto sa portal ang nalalabing mga aktibong miyembro ng LKL. Naglalaro sina Marcelo at Joven ng dama samantalang abala si Concepcion sa paggaya ng make-up ng kasalukuyang vice mayor na nasa tarp. Nakahiga naman si Mayor sa isang sanga ng malaking puno ng akasya. Binibilang naman ni Vicente ang mga dumaraang naka-blue at inaaya ng pustahan ang iba pang mga kaluluwang kasamang namamahinga ni Mayor.

Si Marcelo ang pinakamatanda sa grupo at ang presidente. Isang Kastilang namatay sa tipus na hindi nakatawid sa langit dulot ng panggagahasa sa isang mananahing indio. Si Retired Major General Joven Policarpio ang siyang sergeant-at-arms/resident counselor ng LKL na namatay naman at naging kaluluwang ligaw na lamang dahil sa overdose sa isang uri ng bawal na gamot. Maliban pa sa pagiging mastermind ng pagkawala ng hindi bababa sa labinlimang aktibistang magsasaka, taong-simbahan, at estudyante sa Central Luzon. Si Vicente ang vice president na isang kilalang sugalerong nambubugbog ng asawa na pinagtulungang bugbugin naman ng mga goons ni Mayor nang hindi nakapagbayad sa utang. Namatay sa internal hemorrhage nang mabagok ang ulo sa gutter. Treasurer si Mayor na dating mayor ng bayan at secretary naman si Concepcion na nagmamay-ari ng malalawak na lupa sa buong bayan subalit parehong namatay sa atake sa puso. Ang dalawang ito, kahit inilipat na ang mga buto sa isang pribadong sementeryo ay napanatag na yata ang kalooban sa pantyon at ayaw nang umalis. Isa pa, ayaw rin nilang iwan ang posisyon sa samahan.

"Ano na ang plano, aber?" tanong ni Marcelo na kinakain na ang tatlong pawn ni Joven. "Kapag tuluyang giniba

ng munisipyo ang portal ng pantyon eh wala na tayong pag-asang makatawid pa!"

"Umaasa ka pa bang makakatawid ka pa? Mahigit isandaang taon ka na rito!" pambubuyo ni Joven. "Ni hindi mo nga ako matalo sa dama, ano pa ang pagtawid mo sa kabilang buhay."

"Malay mo, bigyan tayo ng executive pardon ng Diyos?" hirit ni Mayor. "Mabait ang Diyos, mga kaibigan. Lalo na sa mga taong naglingkod sa taumbayan."

"Aba, nagsalita ang numero unong magnanakaw sa kaban! Hindi mo ginamit ang pondo ng bayan sa pagpapatayo ng ospital at livelihood sa mga mahihirap. Pusta ako, kung may mauuna man sa langit ako 'yon." Si Vicente habang tuluy-tuloy pa rin sa pagbibilang ng dumaraang naka- blue na naging pustahan niya ng isang kasamang kaluluwang nagbibilang naman ng mga nakapula.

"Kung may bibigyan man ng pardon, ako 'yon," pagmamalaki ni Concepcion habang naglalagay ng liquid eyeliner. "Nagbigay ako ng hanapbuhay sa mga kawawang magsasaka."

"Na lalo mo namang kinawawa dahil hindi mo sinusuwelduhan! Kung 'di dahil sa'yo, hindi ako magiging sugarol!"

"Kasalanan ko pa? Sisihin mo ang mga Kastilang sumakop sa Pilipinas! Sila naman ang nagbigay nito!"

"Tinanggap naman ninyo? Kayo talagang mga indio! Mga tonta't bobo!"

"Basta ako ang pinakamalinis ang konsensya rito," singit ni Joven na inaayos pa ang chapang nakakabit sa uniporme. "Sa sarili ko ako may kasalanan."

Natawa si Concepcion. "Mawalang-galang na Ginoong Retired Major General. Walang langit sa nagpakamatay."

"Hindi ako nagpakamatay. Na-overdose ako."

Tumaas ang kilay ni Concepcion na hindi pa niya naguguhitan ng eyebrow pencil. "At sa mamamatay-tao?"

"Pare-pareho nama--"

Napatigil sa pagsasalita si Joven dahil sa biglang pagtayo ni Marcelo sa paglalaro ng dama. Alam na niyang matatalo na siya kaya nagdesisyon na lamang siyang kuhanin muli ang atensyon ng iba pang mga nababagot nang kaluluwa. Mamula-mula na ang langit at nagsisimula nang balutin ng dilim ang pantyon. Marami na ring kandilang nakasindi. Lalo pang dumagsa ang mga tao.

"Bilang presidente ng Liga ng mga Kaluluwang Ligaw, iniuutos ko na dapat ngayong gabi ay magkaroon na tayo ng plano y desisyon kung paano tayo makakatawid sa kabilang buhay bago gibain ang portal."

Napatigil sa kanilang ginagawa ang ibang mga kaluluwa. Nakatingin sila kay Marcelo na matikas na matikas ang

tindig. Nakatayo sa ibabaw ng portal at tinitingnan silang isa-isa. Desidido na iligtas ang kanyang kaluluwa.

“Meron na lang tayong uno semana para iligtas ang portal at marating ang cielo! Pagod na akong magpagala-gala at gusto ko na ang magpahinga. Akong dayuhan sa bayang ito at ni walang amigos y amigas na mula sa Espanya. Tayong lahat dito ay gusto na ang magpahinga, ‘di ba? Bakit ba hindi natin pag-usapan ang pagliligtas sa tanging kaligtasan natin? Sino ba rito ang ayaw marating ang langit?”

Walang nagtaas ng kamay.

“Ang kinakailangan natin ay magkaisa upang maligtas ang ating mga sarili. Kundi ay habambuhay na lamang tayong magiging paksa ng takutan tuwing Undas at anibersaryo ng ating kamatayan.”

Nagtaas ng kamay ang isang kaluluwang nakikinig.

“Paano po tayo makakatiyak na sa langit tayo mapupunta?”

Sinundan ito ng isa pa.

“Paano po kaming mga taga-Iglesia ni Cristo? ‘Di po kami naniniwala sa purgatoryo.”

At isa pa.

“Totoo po ba ang langit at impyerno? Baka naman hanggang dito lang tayo?”

Nagtanguan ang mga nakikinig.

"Totoo ho ang langit at impyerno at ang purgatoryo," sabad ni Concepcion. "Nabasa ko sa Bibliya at iyan ang turo ng Simbahan. At kung 'di kayo naniniwala, bakit kayo naririto? Mga freeloader ba kayo at naghihintay na lang ng huling paghuhukom?"

Napuno ng alingasngas ang umpukan ng mga kaluluwa sa bahaging iyon ng sementeryo. Nakanti yata ang kanilang pananampalataya ng nakaambang pagtatanggal ng portal at ng matalas na dila ni Concepcion. Nakaramdam si Concepcion ng pagmamalaki sa sarili. Hinawi niya ang kanyang buhok at pinagtaasan ng bagong guhit na kilay ang mga nagtanong.

"Kung gayon, nagkakaisa ba ang LKL na pag-usapan ng grupo ang pagliligtas natin sa portal ng pantyon? Magkita-kita tayo sa pavilion ng camposanto sa ganap na alas nueve. Ang lahat ng sumasang-ayon ay sumigaw ng 'Mabuhay'!"

"Mabuhay! Mabuhay ang mga patay!" Sabay-sabay na sigaw ng lahat ng kaluluwang ligaw na nakarinig sa tinig ni Marcelo. Kasabay nito ay umihip ang malakas na hangin sa bungad ng sementeryo. Kinilabutan ang mga nagtitinda ng kandila, chichirya, at mga umiilaw na kuwintas at pulseras.

HABANG LUMALALIM ANG GABI, parami nang parami ang pagdating ng mga kaluluwang ligaw na dati ay hindi naman aktibo sa samahan. Nakarating sa kanila ang adbokasiya ng LKL at nais na rin nilang makatawid kaya halos mapuno ang

pavilion ng sari-saring kaluluwang ligaw – may limang white ladies, limang pugot na kanina ay nagboluntaryong magsagawa ng intermission number, may mga tiyanak na agad din namang pinaalis ni Joven dahil naglalaro lang naman at nanggugulo, mga poltergeist na nag-day off muna sa pananakit ng kanilang mga biktima, at ang iba ay iyong generic na mga kaluluwang ligaw. Mga nakagawa ng kasalanang mumunti na naipon na lang dahil paulit-ulit na nilang ginawa.

Sinimulan ang general assembly sa isang panalangin na pinangunahan ng dating pari ng parokya. Saka sinundan ng isang pambungad na pananalita ni Mayor na suot-suot pa ang barong na kanyang suot-suot nang iburol at ilibing. Paborito rin niya ito dahil ito ang barong na kanyang ginagamit kapag nanunumpa bilang alcalde ng bayan sa loob ng hindi na mabilang na termino.

"Sa pangulo ng Liga ng mga Kaluluwang Ligaw, sa mga opisyal na samahan, sa mga kapwa ko ligaw na kaluluwa, isang magandang gabi at pinagpalang Undas sa inyong lahat. Nagtipon-tipon tayo ngayon, sa espesyal na araw na ito, upang magkaisa sa panawagang iligtas ang portal na tanging daan natin upang makarating sa langit at kaluwalhatian. Tunay namang napakasarap mabuhay o mamatay at maging kaluluwang ligaw at makapiling pa sa mas mahabang panahon ang mga mahal sa buhay subalit ang bawat isa ay may panahon sa mundong ito. Tapos na ang ating paglalakbay. Nagkasala man tayo, dapat naman sigurong makamit natin ang pagpapatawad at lahat tayo ay mag-move on. Kalimutan ang pagkakasala at gawin na lamang itong mga aral ng nakaraan."

Tumingin sa langit si Mayor.

"Kaya hiling namin sa Panginoong Diyos, patawarin na ninyo kami sa aming mga sala nang kami ay makarating na sa inyong piling. Hayaan ninyo sana kaming maranasan ang Paraiso kasama kayo, ang aming dakilang Lumikha."

Ibinalik ni Mayor ang tingin sa mga nakikinig. Nagulat siya dahil nakita niya ang lahat na nagpupunas ng luha. Nabagbag ng kanyang talumpati ang puso (o ang kawalan nito) ng mga kaluluwang ligaw. Tumayo si Vicente at pumalakpak. Sinabayan siya nina Concepcion at Marcelo. Nagpaputok ng baril si Joven sa langit. Hanggang sa ang buong pavilion ay napuno ng palakpakan at hiyawan na pagtugon ng suporta sa adbokasiya ng LKL. Yumukod si Mayor bilang pasasalamat at kinamayan ang lahat ng mga kaluluwang ligaw na kanyang nasasalubong habang bumabalik sa kanyang upuan. Inayos niya ang kanyang barong at nakangiting naupo.

"Gracias, Señor Mayor sa isang makababagbag-damdaming pambungad. Kung ganito naman ang pambungad na mensaje ay talaga namang gaganahan akong sumuporta sa ating adbokasiya. Ako man ay naghahanap na ng katahimikan. Sa mahigit siento años ko nang pananatili rito, gusto ko nang magpahinga!" Huminga nang malalim si Marcelo. "O siya, sundan na agad natin ito ng pagbubukas sa mga suhestyon, mga hakbang upang hindi tuluyang gibain ng oficina ng municipal engineer ang portal. Hayaan ninyong ang sekretarya ng liga ang siyang maglista ng inyong mga rekomendasyon. Itaas lamang ang inyong kamay."

Lumapit si Concepcion na kinatatayuan ni Marcelo. May dala siyang ilang mga papel at panulat at hindi pa man niya nakapagsusulat ng kahit ano sa papel ay napuno na ng "Ako!

Ako!" ang pavilion. Nagningning ang mga mata ni Marcelo sa nakikitang sigasig ng kanyang mga kapwa- kaluluwang ligaw. Siniko niya si Concepcion. "Punumpuno ako ngayon ng alegria," sabi niya. At saka nagpunas ng tumulong luha.

Una niyang tinawag ang kaluluwang pugot na hindi niya nakilala dahil wala itong mukha. Mahiwaga ang mga kaluluwa. Dahil kahit walang ulo, nabatid niyang siya ang tinawag at nakapagpakilala pa.

"Como se llama, amigo?"

"Francisco Roxas po. Taga-Poblacion," pagpapakilala ng pugot. "Sa mga hindi po nakakaalam, ako ho ay hindi talaga pugot. Nawawala lang po ang bungo nang sapilitang hukayin ang pinaglibingan ko dahil sa ginawang kalsada ng local government."

Tumango ang iba pang mga pugot na nakikinig.

Ipinagpatuloy nito ang pagsasalita. "Naisip ko po kasama ng iba pang mga pugot dito na bakit hindi ho tayo magsulat ng petisyon para ipatigil ang paggiba sa portal? 'Di po ba maigi na dumaan sa diplomasya?"

Nag-isip si Marcelo at tumango-tango bilang pagsang-ayon kay Francisco. Napatigil naman sa pagsusulat ng katitikan si Concepcion at itinaas ang kamay, "Kanino po i-a-address ang petisyon?"

"Bilang dating alcalde ng bayang ito, 'di ba dapat sa alcalde ng bayan ngayon ang dapat pagdalhan ng petisyon?" tugon ng dating Mayor.

Tumawa nang malakas si Joven, "Pero Mayor, paano natin ibibigay ang petisyon? E mga kaluluwa na lang tayo! Makikita ba ni mayor ang isusulat nating petisyon? At sino ang mag-aabot? Tayo?" Pumuputok-putok pa ang plema ni Joven nang sundan ng malakas pang pagtawa ang naging sagot niya kay Mayor.

Nagtanguan ang mga nakikinig bilang pag-sang-ayon kay Joven. Naupo na rin si Mayor bilang pagtanggap sa naging sagot ng retiradong sundalo. Nagbabaan na ng kamay ang kanina ay may mga suhestyon. Mukhang nasa isip ng lahat ang diplomasya.

Matagal din ang hinintay ni Marcelo bago nasundan ang naunang suhestyon. Sa pagkakataong ito, isang matandang uban na ang lahat ng buhok ang nagtaas ng kamay.

"Bakit hindi--"

"Magpakilala ho muna, nanay," sabad ni Marcelo. "Teresita de Guzman. Taga-Tamarindo."

"Sige ho."

"Naisip ko po. Bakit ho hindi sumapi ang isa sa atin sa kasalukuyang municipal engineer? Nang malaman natin kung ano ang iniisip niya at baka sakaling mabago pa ang kanyang

isip? Siya lang naman ang maaaring magmungkahi sa mayor na ipatigil ang papapagiba sa portal."

Nagustuhan ni Marcelo ang suhestyon ng matanda subalit sinundan kaagad ito ng pagtataas ng kamay ni Vicente.

"Maganda ho ang ideya pero alalahanin po natin na tayo po ay mga ligaw na kaluluwa at hindi mga masasamang espiritu. Wala ho tayong kakayanang sumapi sa tao maliban na lang kung may ipupusta tayo sa portal."

"Ipupusta?" tanong ni Marcelo.

"Parang sakripisyo. 'Di tulad ng mga masasamang espiritu, galing lang tayo sa tao. Wala tayong kapangyarihan. Teka, bakit hindi ninyo ito alam?"

Napakunot ng noo ang mga white lady. Napunong muli ng alingasngas ang pavilion sa naging tanong ni Vicente. Pinatahimik ni Marcelo ang mga nagbubulungang kaluluwa upang maipagpatuloy ng retiradong sundalo ang kanyang pagkukuwento.

"Ito ho ay narinig ko lang sa mga kaibigang malignong nakasama ko sa sugalan. Nagkabiruan, nagkapustahan. Ang matalo ay magkukuwento ng pinakainiingatang sikreto. Eh magaling ho ang inyong lingkod.

Sa mundo ng kababalaghan, tanging ang mga maligno, ang mga masasamang espiritu lang ang may kapangyarihang sumanib sa katawan ng tao. Ito na ang batas na itinakda. Wala

nga lang kumukwestyon dahil wala naman tayong oportunidad para makita ang pangangailangang sumanib sa katawan ng tao. Isa pa, kaya naman nating magmulto at magpakita. Kaya rin naman nating maghawi ng kurtina at magbasag ng mga kung anu-anong pwedeng basagin para magparamdam. Sa kaso ng mga maligno, kailangan nilang gamitin ang katawan ng tao para maiparamdam nila ang kanilang existence maliban sa kaya rin nilang magpakita. Ang katawan ng tao ay may kaluluwa pa. Hindi natin mapapasok ang katawang may laman pa. Kailangan, wala itong laman. At mawawalan lang ito ng laman kapag patay na sila."

Nagtaas ng kamay si Marcelo. Nawala sa isip na siya ang tagapagpadaloy ng programa.

"Por que hindi na lang tayo sumapi sa patay na? Wala na silang laman."

"Na problema rin natin. Dahil wala silang laman, wala silang organs, hindi natin magagamit ang mga katawan nila! Ayoko ko ring maging zombie! Nakakadiri ang maging zombie! Mabubuhay ka na nga lang, naaagnas ka pa!"

"Pero pwede?" muling tanong ni Marcelo.

"Hindi ho totoo ang zombies," sabat ni Joven.

Nagulat ang lahat sa sagot ng sundalo. "Kailanman ay hindi natin magagamit ang katawan ng tao kung wala siyang utak. Failed science experiment lang ang zombies. Produkto ng kung anu- anong pag-iisip ng tao. Kaya ayoko talaga ng mga kaisipang galing sa mga dayuhan. Nilalason ang isip nating mga

Pilipino," paglilinaw ni Joven habang nililinis ng panyo ang hawak na baril.

"Dapat ay may ialay tayo sa portal para magbukas ito at maging pinto natin sa mga nabubuhay pa. Ito po ang hinihinging sakripisyo," dagdag ni Vicente. "Upang mabuksan ang katawan ng sasaniban, kinakailangan ng isang kaluluwang isasakripisyo. Kapalit nito ang kakayanan ng isa sa atin na makapasok sa katawan ng iba."

Nagulat ang mga kaluluwa sa naging tugon ni Vicente. Nagsalimbayan ang mahihina at malalakas na bulungan sa narinig na solusyon sa kanilang problema. Hirap na hirap si Marcelo na patahimikin ang ingay. Hanggang sa nagtaas ng kamay ang isang kaluluwang ligaw na tahimik lamang sa sulok.

"Ako ho! Gusto ko pong maging sakripisyo!"

Napalitan ng masigabong palakpakan ang pavilion ng pantyon. Wala nang magaganap na pilitan o kung anumang botohan kung sino ang iaalay sa portal. Napalingon ang isang babaeng buhay na nagtitirik ng kandila sa puntod nang makarinig ng mahinang tunog ng palakpakan. Napatingin siya sa pavilion na wala namang laman. Tumalilis ito ng takbo at nagsisisigaw.

Itinaas ni Joven ang dalawang kamay, ang isa ay hawak pa rin ang baril. Sumesenyas na itigil na ang anumang ingay ng mga kaluluwang ligaw. Natahimik ang buong pavilion kahit batid naman ng lahat na patay na sila't hindi na masasaktan ng bala ng baril nito. Itinuloy ni Vicente ang naputol na sasabihin dahil sa palakpakan.

"Ay, nakalimutan ko hong sabihin. Ayon sa mga maligno, ang sakripisyo ay dapat walang bahid ng anumang kasalanan."

MADALANG NA MADALANG NA ang mga taong palabas ng pantyon. Lampas hatinggabi na rin at marami na rin sa mga nagtitinda ng mga kung anu-ano sa gilid ng portal ay nagliligpit na. Ngunit ang limang miyembro ng pamunuan ng LKL ay tila nagsisimula pa lamang ang araw. Lahat sila ay problemadong-problemado sa kani-kanilang puwesto sa portal. Matapos ang naging pagtitipon sa pavilion at sa mainit na balitaktakan ng mga kaluluwang ligaw, wala pa ring naging resolusyong magbibigay ng sagot sa kanilang problema. Basta't ang napagkasunduan, hanapin ang isasakripisyong kaluluwang sakdal linis at walang kasalanan.

"Papaano tayo makakahanap ng espiritu immaculada?" tanong ni Marcelo na bahagyang sinasabunutan ang natitira na lamang na buhok sa kanyang napapanot na anit. "Hindi tayo makakakita nang ganoon dahil lahat naman tayo rito ay makasalanan!"

"Baka pwedeng pakiusapan ang mga maligno na sila ang sumanib at sila na ang lumapit sa municipal engineer? Tutal, sila naman ang may kakayanang sumapi sa tao," suhestyon ni Concepcion.

"Pero alam naman ninyo ang nangyayari kapag maligno o masamang espiritu ang sumapi sa tao?" Si Vicente, sarkastiko ang tono. "Naalala ho ba ninyo nang nagkaroon ng

mass possession ang gang ng mga maligno sa Central School? Diyan sa kabilang barangay?"

"Ay, alam ko iyan. Ako ang alcalde noong nangyari ang maramihang pagsanib ng mga maligno. Por Dios por santo, hindi ko alam ang gagawin! Ipinatawag ako sa aking opisina dahil nasa sampung estudyante ng Grade 6 ang bigla na lang daw nagkikisay at pinagmumura ang lahat ng teachers nila! Nahimasmasan lang nang dumating ang pari at halos paliguan na sila ng agua bendita."

"E ano naman ang pumasok sa isip ng mga maligno kaya nila iyan ginawa?" Si Concepcion.

"Nasisi ako niyan e. Naging mainit kasing usapan ang pagpapaputol ko ng mga puno sa gilid ng eskwelahan. Patatayuan kasi ng malaking bulletin board sana para sa mga anunsyo ng munisipyo. Lalong naging matunog dahil sa mga kritiko kong pinupuna, hindi lang ang pagpuputol ng puno, pati na ang ginastos kong pera para mapatayo ang bulletin board. Nainis daw ang mga espiritung naninirahan sa mga puno kaya sumapi sa mga bata."

"E pakialamero naman talaga ang mga kritikong 'yan! Hindi sasanib ang mga maligno kung hindi naman naging matunog at pinag-usapan ang proyekto mo," dugtong ni Joven. "Kung ako lang ay inisa-isa ko na ang mga radikal na 'yan nang tahimik ang lahat!"

"Gagawin ko naman, Joven. Kung hindi lang ako inatake sa puso. Pero natiyak naman ng aking PR team na mass hysteria

lamang ang nangyari sa mga bata. Pinalabas na dulot ng stress sa eskwela ang dahilan sa naging insidente. Nalimutan din naman ng bayan at naipatayo ang bulletin board!"

"Teka, amigos y amiga! Lumalayo na tayo sa dapat ay pinag-uusapan natin!" Ibinalik ni Marcelo ang usapan sa paghahanap ng dalisay na sakripisyo. "Saan na tayo hahanap ng isasakripisyo? Bukas na sisimulan ang paggiba sa portal! Sa susunod na semana ay habambuhay na tayong magiging mga kaluluwang ligaw!"

"Alam ko na!" Napabulalas ng sigaw si Concepcion. "Bakit hindi tayo kumuha ng kaluluwa?"

Sabay-sabay ang paglipat ng tingin ng apat kay Concepcion. Naguguluhan ang kanilang mga mukha.

"Wala tayong makukuhang malinis na kaluluwa sa sementeryong ito dahil lahat naman tayo ay makasalanan. Kung gayon, dapat ay mag-outsource tayo. Kumuha tayo sa mga nabubuhay pa. Piliin natin ang sa tingin natin ang pinakadalisay na pwede nating isakripisyo."

Nagningning ang mga mata nina Vicente, Marcelo, at Mayor. Pero iba ang naging ningning ng mata ni Joven. Mas maningning. Napangisi ito at mukhang nakatitiyak sa kanyang itutugon kay Concepcion.

"Ako. May naisip ako."

"Aber, ano iyon, Joven?" tanong ng Kastila.

"Madaling kausap ang mga amigo ko kapag ganyan ang usapan."

"Paano?" Sabay-sabay nilang tanong.

Tumawa lang muli si Joven saka pinaputok sa langit ang kanyang baril. Nakatingin lang sa kanya ang apat na kasama, nagugulumihanan sa plano ng retiradong sundalo. Patuloy naman ang paglabas ng mga tao mula sa pantyon, tinatawid ang portal. Bitbit nila ang mga malalaking payong, mga baunan, bulaklak, basura, at mga kuwento tungkol sa mga namayapa nilang mga mahal sa buhay. Nasa mga huling patak na ang mga kandilang ilang oras nang nakatirik at nakasindi. Ito na ang huling beses na daraan sila sa lumang portal kung hindi magtatagumpay ang LKL sa kanilang pinaplano.

"NAGKATIPON-TIPON TAYONG LAHAT ngayong gabi sa portal ng pantyon upang saksihan ang isa sa mga pinakamakasaysayan na marahil na pangyayari sa ating mga buhay bilang mga patay!"

Napuno ng hiyawan at palakpakan ang paligid ng portal. Hindi mahulugang-karayom (kahit tatagos naman ito sa kanilang mga katawan) ang matandang puno ng akasya, ang daan patungo sa mga puntod, ang ibabaw ng mga nitso at ng apartment-type na libingan. Lahat yata ng kaluluwang ligaw sa buong bayan ay naparatingan ng balitang mas malaki na ang posibilidad na makatatawid na sila. Para sa maraming mga kaluluwa, higit na matutuldukan ang kanilang paghihirap sa mundong ibabaw kung mapupunta sila sa nararapat nilang kalagyan – sa langit, sa impyerno, at sa purgatoryo man. Naiinip

na sila sa pag-asikaso ng mga papel, burukrasya sa mga opisina, at madalas red tape na binabayaran nila sa pamamagitan ng dagdag na mga taon sa lupa. Pagod na ang mga kaluluwang maging mga gala at ligaw na lamang.

Nagpatuloy ni Joven sa kanyang talumpati. "Sa huli nating pagpupulong, napagdesisyunan natin na ipapaabot natin ang ating petisyon sa pamamagitan ng pagsapi ng isa sa atin sa katawan ng municipal engineer. Subalit, ang problema ay hindi tayo maaaring makasanib sa katawan nang ganoong kadali na lamang. Kailangan ng dalisay na sakripisyo, isang kaluluwang dapat ialay sa portal upang magbukas ng pintong maaaring pasukan ng mapipiling kinatawan ng ating samahan. Karapat-dapat naman talagang siya ang mapili nating kinatawan sapagkat kung usapin ng pamumuno at burukrasya, siya ang tagapamandila. Kaya wala nang patumpik-tumpik pa, ang magiging kinatawan ng liga ay walang iba kundi ang dating alcalde ng bayan, si Mayor!"

Nagbunyi naman ang mga kaluluwang ligaw at lalong pumalakpak ang pandinig ng mga opisyal ng samahan. Lalo na si Marcelo na umiiyak na naman sa kanyang nakikita. Nagbalik na ang tiwala ng mga kaluluwang ligaw sa LKL. Sumigla na naman ang samahan at nagpapasalamat siya na may dumating na pagsubok sa kanila. Kung wala ay hindi nila mararating ang ganitong anyo ng pagkakaisa.

Ang sumunod na inabangan ng lahat ay ang pagpapakilala sa kaluluwang magsisilbing sakripisyo. Naumid ang dila ng mga kaluluwa nang gumitna muli si Marcelo upang tawagin si Joven. Sumenyas siya na magbigay daan ang mga kaluluwang ligaw at maglaan ng puwang papunta sa portal.

"Mga kapwa ko kaluluwang ligaw, ang susi sa ating katahimikan!"

Lumitaw na lamang mula sa kawalan ang isang pulutong ng mga kaluluwang nakadamit- sundalo. Nagmamartsa sila tulad ng kapag nag-uutos sa kanyang batalyon si Retired Major General Joven Policarpio. Sa dulo ng mga sundalo ay isang nakapiring at nakabusal na binatilyo. Naka-unipormeng pang-eskwela. Nakikiusap ang tinig nito at sinasabing mayroon siyang paparating na pagsusulit, tila hindi pa batid na siya ay isa nang kaluluwa.

Nagliwanag ang portal nang maramdaman ang paglapit ng isang kaluluwang dalisay. Umihip ang malakas na hangin at nanginig ang malalabay na sanga ng akasya. Naglaho ang maliwanag na buwan. May mga mahihinang dagundong ng kulog. Nakaamba ang ulan. Ngunit, umulan man o hindi, tuloy ang nakatakdang seremonya. Nakaabang na si Mayor sa kanyang pagtawid, suot muli ang kanyang barong. Hindi naman makapaniwala si Marcelo sa kanyang nakikita at napapa-antanda ng krus. Gayundin si Concepcion. Nagtagumpay ang LKL sa kanilang mithiin.

"Lalaya ang mga kaluluwang ligaw! Hindi kailanman tayo papayag na habambuhay na lamang tayong mananatiling mga kaluluwang walang tahanan, mga kaluluwang hindi alam kung saan pupunta! Kaya nating lampasan kahit ang buhay pagkatapos ng kamatayan! Kaya mga kapwa ko kaluluwang ligaw, magbunyi tayo sa ating kalayaan mula sa ating mga kasalanan!"

Umugong ang malakas pang ihip ng hangin kasabay ng mala-pistang hiyawan at palakpakan. May mga umiiyak na kaluluwang ligaw at napapayakap pa sa katabi kahit hindi naman kakilala. May isang naghahagis ng mga tinumpok na tuyong dahon ala confetti. May ilang halos tumagos na sa kabilang palad ang isa pa sa matinding pagpalakpak. Nagdiwang ang madlang kaluluwang ligaw sa kanilang tagumpay.

Bumaba si Joven mula sa tuktok ng portal nang makarating ang pulutong ng mga sundalo at ang sakripisyo sa tapat nito. Sinundan naman siya ni Vicente na pinaalis ang mga nag-uusisang kaluluwa hanggang sa naiwan na lamang ang binatilyong nakatayo. Humihikbi ito at muling ikinatwiran ang kanyang pagsusulit. Lalo namang nagliwanag ang portal sa pagdating ng sakripisyo sa kanyang harapan.

Si Marcelo ang nagpatahimik sa nagbubunying madla.

“Ngayon ay saksihan natin ang ating paglaya!”

Itinulak ni Joven ang binatilyo sa nagliliwanag na bukana ng portal. Nasilaw ang lahat sa hindi matititigang liwanag hanggang sa biglang naglaho ito kasama ang binatilyong sakripisyo. Ang naiwan na lamang ay ang piring nito. Nag-abang ng susunod na mangyayari ang mga kaluluwang ligaw. Nang walang nangyayari ay inilipat ng lahat ang kanilang tingin kay Mayor na siyang dapat tumawid at subukan kung naging epektibo ang ginawang sakripisyo.

Nagdadalawang-isip pa sa pagtawid ang dating alcalde. Wala namang kahina-hinala sa portal matapos ang naganap na seremonya. Iyon pa rin ang lumang adobeng

entrada ng sementeryo. Bitak-bitak na at puno ng mga ligaw na damo. Noong una ay atras-abante ang kanyang mga paa na para bang sinusubukan ang portal, tinitingnan kung may mangyayari sa oras na siya ay tumawid. Nang makatiyak na ligtas naman, nagdesisyon na siyang magtuluy-tuloy bagaman paunti-unti ang kanyang paghakbang hanggang sa tumagos na ang kanyang buong katawan mula sa kanyang pinagmulang bahagi patungo sa kabila. At para bang inensayong eksena, nagngalit lalo ang hangin nang makatawid na si Mayor. Hindi na mapalagay ang mga sanga ng puno ng akasya at nagkalat na sa hangin at sa paligid ang mga dahon nito. Patuloy at walang humpay pa rin ang paggapang sa mga ulap ng matatalim na kidlat na sinusundan ng nakayayanig na dagundong ng kulog.

Subalit nang pinagmasdan ng mga kaluluwang ligaw ang mga kabahayan sa gilid ng portal ay tuloy pa rin ang buhay. Tila hindi nararamdaman ang nagbabadyang unos. Nagsasampay pa ang isang aleng kakatapos lang maglaba. Bukas pa ang mga bintana. May ilan pa ring mga batang naglalaro sa kalsada. Nakaabang pa rin sa kanto ang tindero ng balot na naninigarilyo pa. Nakatingin ito sa akasya at pinagtatakhan ang malakas na ihip ng hangin sa puno gayong hindi nga matinag ang pag-angat ng usok mula sa kanyang hinihithit na sigarilyo.

Napagtanto ng mga kaluluwa na sila lamang ang nakakakita ng unos. Nawala ang kanilang atensyon kay Mayor na litong-lito pa rin kung may bago siyang kapangyarihan. Kinakapa ang katawan kung siya pa rin ba si Mayor o hindi. Si Vicente ay nakikipagpustahan na kay Concepcion na ito na ang apokalipsis. Nanginginig si Concepcion habang nag-aantanda. Nagtago si Joven sa likod ng mga kasamang sundalo. Si Marcelo ay nagtago sa saya ng mga kaluluwang babae kasama ng iba

pang mga kaluluwang ligaw na nabaling ang tingin sa langit na nalilito na kung maliwanag ba siya o madilim. Patalim nang patalim ang mga kidlat, palakas nang palakas ang ihip ng hangin. Sa pagbagsak ng huling kidlat, nahiwa ng talim nito ang himpapawid. At ang nagtatagong liwanag sa likod ng mga ulap ay bumalong sa kanila. Napakaliwanag ng kalangitan na tulad ng liwanag ng portal sa pagtanggap ng kanilang sakripisyo. "Ang walang hanggang awa ng langit!" sigaw ng marami. Manghang-mangha ang mga kaluluwang ligaw sa kanilang nasasaksihan kahit batid ng lahat na wala ito sa inaasahang bunga ng pagsasakripisyo ng dalisay na kaluluwa ayon sa kuwento ng mga maligno. Basta't naakit sila sa liwanag. Parang fireworks display kapag sinasalubong ng Bocaue ang Bagong Taon. At iniutos ni Marcelo, bilang pinuno ng pinasiglang LKL, na itaas ng lahat ang kanilang kamay sa pagbubunyi. Nanguna ang LKL sa pagsalubong sa freebie ng kanilang pag-aalay sa dalisay na kaluluwa ng binatilyo. Gumapang sa kanilang mga mukha, kamay, at braso ang liwanag. Nagpuri ang mga kaluluwang ligaw, "Mabuhay ang LKL! Salamat LKL!" hanggang sa malunod ang buong pantyon sa kumukulong init na nagmula sa langit.

## POETIKA

Naging giya na sa akin ng mga naging guro sa panitikan at pagsulat, na kung magsusulat man, pinakamayamang balon ang sariling karanasan o ang pinag-ugatang bayan. Mahigit isang dekada na akong nananatili sa Laguna at umuuwi lamang ng Bulacan sa mga espesyal na okasyon o kapag may bakanteng weekends. Kaya kada uwi, bagong larawan at hitsura ng aming bayan ang aking nasasaksihan – bagong tungkab na kalsada na noong huling uwi ay bagong gawa naman, bagong gusali at subdibisyon sa mga dating palayan, bagong supermarket sa dating paboritong tambayan.

Ito ang naging ugat ng koleksyon ng mga maikling kuwento kung saan kabilang ang "Portal." Sa nakalipas na mga taon, naging tagasalo ang Bulacan at iba pang mga lalawigang nasa paligid ng Metro Manila ng hindi na makontrol pang urbanisasyon. Bitbit nito ang pangako ng maalwang buhay, na may trabaho at kaunlaran ang mga bagong pagawaan at maging paliparan, na aagos din ang kita kasabay ng mga bagong daan. Ngunit ang minadaling transpormasyon ng rural patungong urban, tulad ng kahit anong hindi pinlano at hindi akma sa pangangailangan ng tao, ang kumain sa espasyong nagsisilbing hingahan ng aking mga kababayan. Wala na ang mga bukid at palayang pinagkukuhanan ng kabuhayan, tuluyan nang lumubog sa baha ang iba't ibang looban dahil wala nang madaluyan ang tubig. Sa aking personal na karanasan, ang aming dating bahay sa tabi ng sapa/irigasyon ay tuluyan nang gigibain upang magbigay daan sa isang dike na kokontrol daw sa baha. Kasama rin namin ang hindi na mabilang pang mga kabahayan.

Ang mga pagbabagong ito, na itinuturing kong trahedya ng bayan, ang pinakaubod ng “Portal” at ng iba pang mga kuwento sa aking nilikhang koleksyon. Sa “Portal”, tinangka kong talakayin ang usapin ng pagbubura ng kasaysayan para sa “pagbabago.” Subalit sinubukan ko ring isingit ang diskurso na nais sagutin ng imortal na tanong na “para kanino ba ang pagbabago?” Aminado akong komplikado ang aking naging pagtatangka kaya marahil lumitaw ang komentong “nakalilito” ang unang bahagi. Nakuha rin ang ideya ng “Portal” mula sa naging diskusyon namin noon sa opisina ng municipal engineer nang minsang maging “summer intern.” Napabalita na ang paggiba sa entrada ng lumang Kastilang sementeryo ng bayan dahil mapanganib na umano ito. Sa ganitong paraan din nabuo ang iba pang kuwentong kasama ng “Portal.” May kuwento tungkol sa isang biyudang namamanata sa Krus na inililigid sakay ng Pagoda, mayroon din tungkol sa isang taga-Maynilang ni-relocate sa government housing, isang asawang biktima ng domestic abuse.

Pawang kinuha mula sa mga personal na pakikipanayam at pakikipag-usap sa mga taong handang magbahagi ng kanilang kuwento. Mga taong naniniwalang ang pagbabahagi ng kanilang karanasan ay isang paraan ng paghilom na idinulot ng trahedyang wala sa kanilang kontrol. Ito rin ang aking naging paniniwala sa pagsulat. Higit sa pagiging release, ang pagsusulat ay paghilom.